*Review of Women's Studies* 17 (1-2): 136-152

# KALAT

**Luna Sicat-Cleto**
University of the Philippines, Diliman

1.

SA HINAHARAP, MAARING NAAKIT siyang tingnan ang mga langgam, magkakasunod, sumisinghap sumisinghot tungo sa isang landas mula sa gilid ng kanyang puting pinggan patungo sa ilalim ng mesa, at marahil, tatawid ang mga insekto sa kanyang paanan, mula hinlalaki patungong hintuturo, mabubunggo bunggo sa singit singit ng mga bitak ng daliri hanggang makarating sa sahig at lulusot dadausdos sa paanan ng butakang pinagpapatungan niya ng tela, lumang magasin, sobre na may sari saring laki, at sari-saring denominasyon ng pera, resibo, listahan ng pautang, aakyat sa pader na puti, at lalabas sa bintana. Posibleng napansin niya ang banayad na hangin, ang araw, na perpekto sana para sa pagtuyo ng mga sinampay. Posibleng naisipan na rin niyang ipakabit ang mga kurtina, kay ganda marahil ng paglobo't pag-impis ng kurtina sa mga bintana, sa mahanging hapon iyon ng Nobyembre. Naipawalis niya sana ang bakuran, naipalampaso't napapunasan ng floorwax ang sahig; napapalitan ang bedsheet, ang punda ng mga unan, napaarawan ang mattress, naipatiklop ang mga nakasabog na telang tiklupin, kundi lang sumakit ang kanyang balakang kagabi.

2.

Ilang araw pagkaraan ng pagpanaw ng ina sa ospital, mapapailing si Emilia sa katigasan ng ulo nito. Kung hindi lamang nito ipinilit na mabuhay nang bukod sa kanya, disin sana'y humaba-haba pa ang buhay. Ngunit alam na niya, noon, ngayon, at magpahanggang sa mga sandaling mangyayari pa lamang sa hinaharap, habang pinagmumuni niya't

©2010 UP Center for Women's Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489

tinitimbang ang epekto ng mga mumunting desisyon, walang pasya ang kanyang ina na hindi nito pinanindigan.

Humiwalay ito sa kanyang ama noong siya'y tatlong taong gulang, nang mapagod ito sa kahihingi ng kabi-kabila ng mga kapatid na hindi na nasanay na ibukod ang sarili nilang mga pitaka, hanggang sa dumating ang araw na nakatadhanang may pasasakayin ang asawa sa jeep, na isang estranghero na hinahabol ng batas, at mababaril ito sa ulo sa halip na tamaan ang tumatakas na salarin. Lakas loob itong sumabak sa buy and sell kahit na walang kapital, kahit na hindi tapos.

Katatapos lang ng digma, at maiisip isip ni Emilia na kay tapang ng kanyang ina, lalo na noong hindi na nito hinabol ang insurance na dapat sana'y para sa kanya, at sa halip ay napunta iyon sa kanyang hipag na hindi tinigatig ng konsensyang may balong iniwan ang kapatid na may apat na anak na maliliit pa. Marahil, ani Emilia, marahil ang sumagip sa kanyang ina'y ang kabatiran niyon na walang makapagsasabi kung ano ang naghihintay sa hinaharap, kaya't nag-ipon ito nang nag-ipon ng kung ano-ano, hanggang sa hindi na nito maipag-iba kung ano ang dapat na itabi (pagkat kailangan) at kung ano ang dapat itapon (pagkat kalat).

3.

Ano'ng tawag mo sa naaalala mo na hindi naaalala ng iba? Ano'ng tawag mo sa karanasang ikaw lamang ang nakasaksi, nakaramdam, naniniwalang nangyari? Putok-diwa? May sa-blackhole kaya ang gunita? Posible kayang tinatahak ng isang buhay ang parallel rin na uniberso?

Gugulong ang paksang iyan sa kuwentuhan ng tatlong lalaki't babae, edad 29 hanggang 39, dalawang nagsusuot ng salamin dahil pinalabo ng pagbabasa ang mga mata, dalawang hindi nagsasalamin dahil marunong ipahinga ang mga mata at madalas kumain ng kalabasa't vitamin A rich foods. Isang kulot, tatlong unat. Dalawang kayumanggi, dalawang manilawnilaw ang kutis. Tatlong lalaking hindi lalampas sa 5'1 ang pinakamababa at 5'4 ang pinakamataas. Isang babaeng ang tunay na taas ay 5'5 ngunit laging ipinagmamayabang ng ina na 5'6, dahil hindi raw marunong umupo ng tuwid ang anak. Nakaupo sila ng magkakatapat sa hapag, patapos nang kumain ng pritong itlog at maling, at kasalukuyang sumusubo ng kinutsarang hinog na papaya, sa bulwagan ng isang retreat house sa Novaliches, buwan ng Agosto, 2005. Mag-aalas nuwebe noon at

may tatlumpung minuto pa bago magsimula ang sesyon.

Nabanggit ng isa sa mga lalaki sa hapag na iyon, ang makatang nagsusulat sa Ingles, na nagpapasalamat siya sa mga nababasa niyang akda ng mga estudyante – pakiramdam niya'y nakatawid na rin siya ng ilog, pagkat tapos na siya sa karanasang siya ang nanginginig na awtor na kinakabahan sa kung ano ang sasabihin ng panel. Sumang-ayon ang dalawa pang mga lalaki, pagkat ang tatlo'y nagtapos ng kanilang kurso sa iisang unibersidad, maliban sa kaisa-isang babaeng nagtapos sa state university. Magduduktor sana ang makata sa Ingles, pero ang kuwento niya'y nagbagong isip siya sa kanyang patutunguhan nang mag-intern siya sa OB ward ng PGH.

"Ano, nagsawa ka siguro sa kaiire ng mga nanay na nagmumura sa panganganak, ano," biro ng babae. "Actually, oo," sabi ng lalaki. "Nagfreak out ako." Sa ekspresyon ng kanyang mukha – pinong jawline, designer eyewear at kutis na pinakinis ng de-seryeng facial, ni wala siguro sa option B na igugol niya ang oras sa pagsubsob ng mga kamay sa pagitan ng mga nagdurugong hita at makinig sa long playing album ng tungayaw sa mga contractions. "E ikaw, bakit hindi ka nagtuloy sa pagduduktor," halos pasumbat niyang hirit sa kausap na isa pang makatang nagsusulat sa Filipino, na ugaling itulak lagi ang salamin sa mata at bahagyang sumibi kapag hinuhudyat na "seryosong usapan na ito".

"Wala, natuklasan kong interes ko lang talaga ang Sikolohiya at wala akong balak na maging sounding board ng mga burgis na baliw."

"Bakit, iyon lang ba ang posibilidad sa course mo?"

"Hindi naman. Puwede rin naman akong gumawa ng test instrument para sa pagsubok sa katinuan ng mga taong naghahanap ng trabaho."

"O maging New Age guru ng spirit psyche ek," suhestiyon ng poet in English. Halakhakan ang mga magkakaibigan.

"Ako, talagang hindi ko pinapangarap maging duktor," wika ng babae.

"Bakit, takot ka rin ba sa dugo?"

"Hindi, makakalimutin ako. Baka maiwan ko pa ang gunting sa loob ng tinahi kong pasyente." Tumawa ang lahat, maliban kay – ano na nga ba'ng pangalan niya, usal ni Jo sa sarili, habang itinatala niya ang pangyayari sa laptop niya. A, si Alvin, kapangalan ng isa sa mga chipmunks, sa isang cartoon na madalas panoorin ng kanyang anak noong nakatira pa sila sa Marikina. Hindi bagay ang pangalan ni Alvin sa kanya, napakatabang ng pangalang iyon para sa imahinasyon ng pinapangalanan, na kayang makaisip ng mga eksotikong archipelago sa hinaharap at kasalukuyan.

"Sir, Ma'm, mapopostpone ang session ngayong umaga. Hindi nakarating ang mga authors which means libre kayo sa umagang ito," sabad ng dalagang organizer ng workshop.

At bago pa bumuwelta ang tanong ni Jo, pinasya niyang ihinga ang kanyang naiisip, isang bersiyon ng unang talatang nabasa mo sa seksiyong ito, ngunit mas pinino, binanlawan ang wika, kaya naging:

"May naaalala ba kayo na hindi naaalala ng iba? Ano'ng tawag mo du'n sa karanasang ikaw lamang ang nakasaksi, nakaramdam, naniniwalang nangyari?"

"Di ba sabi nga ni Hume, karanasan pa rin iyon?"

Si Alvin ang humirit nu'n, At sabay sabay na nagtanguan ang mga nakikinig at nagtig-isang higop sa kape.

4.

Tatlumpung taon na rin ang nakalipas magmula nang siya'y magretiro sa Land Transportation Office, at nasabi niya sa sarili, habang naghahalaman at nagbubunot ng mga damong ligaw sa likod, na pagkahaba haba man ng prusisyon, nalagay niya rin sa maayos ang lahat ng kanyang mga anak, pati mga kamag-anakang naghihikahos.

Maalamat ang tutok niya sa pagtratrabaho – ng kulang kulang na 20 oras rin na kayod, kung bibilangin na rin ang mga sandaling kahit ngumunguya siya ng pagkai'y nagtratrabaho pa rin siya sa pagbabalak ng mga pagkakakitaan – kahit naiidlip ay naglilista ng mga pautang – kahit nakasakay sa jeep, taxi, o naglalakad ay namamamlano ng buy

and sell – kahit naghuhunta'y nag-iisip ng mga mapapagkakakitaan sa kanyang kahunta – kahit nananaginip ay nakababasa ng mga numero sa mga nakikitang imahe na akala mo'y ekspertong tumaya sa huweteng o sakla, siya na negosyador ng mga pasong lisensiya, tagapagbenta ng mga payong at giveaway sa mga korporasyon, siya na tagasalo ng mga discard ng mga patahian, siya na wala mang yama'y nakakapagpalago ng yaman – talagang kahanga-hanga, para sa isang ni hindi nakapagtapos ng hayskul at nakatuntong lamang ng grade 6.

Ang pagmumuni sa tatlumpung taong iyon ng kayod kabayo hanap buhay hanap patay ay magaganap habang nagpupunla siya ng mga talong, ngunit mauudlot iyon sa tawag. Makalilimutan na niya ang mga halaman at papasok na sa loob, susubo ng kanin na sinabawan ng sinigang, ang ulam niya kahapon pa ng tanghali. Bukas ang pintuan ng ref, dahil balak niya sanang linisin ang loob nito. Bukas rin ang pinto, dahil hindi pa siya tapos sa pagdidilig at pagtatanim. Napatay naman niya ang tubig bago siya naupo sa hapag, ngunit lagi, sa hinaharap, dadaigin siya ng pag-uusig ng *yata*.

Tila yata iba na ito, bulong niya sa sarili, noong hapong iyon sa hinaharap.

Iba ang hapong ito – kay tingkad wari ng lahat. Aba, para na rin niyang nasusukat sukat sa magkakatugmang hexagon ang mga nakikita niya sa paligid, bakasakaling makabuo pa ng kahit isang yarda mahigit ng quilt mamayang gabi.

Pero mababagabag rin siya hindi lang ng hapon kundi ng hapo. Parang naglakad siya ng kilo-kilometro, at kanina pa nagsisikip ang kanyang dibdib. Bukas na bukas din, sabi niya sa sarili, titigil na ako sa pag-inom ng kape. At hindi ko na tatanggapin ang pabuyang chicharon ng kapitbahay kong umutang sa akin ng beinte mil.

Bukas, kay ganda ng salita, nakakapalatak.
Hindi siya patatahimikin ng mga balak.
At lagi siyang mapabubuntunghininga sa mga sana, magmula sa hapong iyong napatingin siya sa landas ng mga langgam.

5.

Pangingilagan ni Jo na buksan ang ref na iyon – lalo na nang magpakita ang eksaktong ref na iyon sa isang panaginip, na nang buksan niya'y dumausdos ang maraming maraming mga tilapiang pinatigas ng yelo, hanggang maglawa sa kanyang paanan ang solidong mga isda, at kitangkita niya kung paano tinakpan ng kumot ang bangkay ng kanyang lola – isang marahang galaw ng puting tela – sa ospital na walang pabaong amoy kundi mercurochrome, panghi, at lansa. Tahimik itong pumanaw sa piling ng iba pang mga katawang may sari-saring mga antas ng pakikipagnegosasyon sa buhay at kamatayan.

"Ano Jo, ilalagay ko na ba ang mga ito sa kahon?"

Mapapa-opo siya kahit hindi na niya liningon ang kausap, si Aling Meriteria.

Susugod ang pinaghalong lansa ng bagoong at maburak na sigid ng bulok na gulay. Manunumbat ang mga patong patong na styrofoam ng mga fastfood. Hugot dito, tabi doon, matatawa maiiyak si Jo sa pagtitipid na ginawa ng abuela, ultimo huling butil ng mumo ay rinerefrigerate. Bawat pagbukas ng styro ay parang tumbalik na noontime game show ang sorpresa ng bawat isa: uling na napupulbos, lapnos nang mga hipon, expired nang gamot.

Si Nanay na yata ang pinakamatipid sa lahat ng matipid – ultimo balat ng saging, toothpick, gamit ng pasador, lantang lobo, mga souvenir items mula sa mga kasal, debut o handaan ng kung sino (kandila, anemikong anghel, kampanilya) ay hinahalo sa mga sobreng naglalaman ng mga papeles sa insurance, lisensiya, sasakyan, lupain, diploma, pasaporte.

Maghahalo halong kalamay ang reaksiyon ng bawat pagtuklas – pagkagitla, pandidiri, pangingirot ng dibdib.

Maghalohalo ang mga amoy ng mga ebidensiya na waring nakatakdang isupot at iawtopsiya.

Titipunin ng mag-ina ang lahat – ngunit magiging selektibo rin sila sa mga pagkalap. Matatawa ang anak sa matutuklasan niyang mga maleta na puno ng mga manikang karaniwang ibinebenta sa Baclaran,

at maaalala niya ang manikang kalbo na kay halaga sa bigkis nilang magkakapatid. Wala na silang hinagap kung nasaan na ang manikang iyon sa dinami-dami ng mga bahay na kanilang linipitan, sa dinami dami ng mga kuwartong pinagsaluhan at ginawang tahanan. Matatawa si Jo sa grocery cart na matatagpuan sa may banyo, na puno ng mga sabon at tuwalya at posporo na tinipon mula sa iba't ibang mga otel sa iba't ibang sulok ng mundo, pruweba ng pamamasyal ng lola sa ibang mga bayang may niyebe, may buhangin, may punong pino, hile-hilera ng mga pula't dilaw na tulips.

Kalat at kalat. Sentimyento ng pamilya, sentimyento ng estranghero. Alaala ng paglalakbay, alaala ng mga balak lakbayin.

Isang buong buhay.

6.

Pangit daw ang terminong putok-diwa, para tukuyin ang sinasabi niya ukol sa alaala. "Parang literal na putok, which is so gross," wika ng isa. "Oo nga, nasa lugar pa naman tayo na kung saan ang mga estudyante'y kay babango," hirit ng isa pa. Mabuti na lang at sineryoso ng isa pa ang kanyang binitiwang tanong, sinalo niya ang tanong na parang bola ito ng sinulid panggantsilyo. Sa utak ni Jo, marahan niyang ibinabalik ang dulo ng sinulid na iyon sa ikid, sa pag-aalaala ng alaalang hindi niya maihanay o maikahon. Dinadampot na ng mga manong ang mga nagamit nilang mga pinggan, at may dumating na dalagang nagsabing mapopostpone ang dalawa sa mga kuwento sa morning session dahil hindi nakarating ang awtor sa retreat house kaya libre ang mga panelists sa oras nila sa umagang iyon.

Nakahinga silang lahat ng malalim dala na rin ng pasasalamat sa pahinga. O, ituloy mo ang kuwento, hikayat ng isa, sabay tulak sa salamin niyang dumudulas na sa tungki ng kanyang ilong. Huminga siya ng malalim na para bang sisisid siya sa ilog. Ganito kasi iyon, simula niya.

"Nasa bahay ako at kasama ko tatay ko. Hapon iyon at nakatulog ako. Pagkagising ko, marerealize ko na late na 'ko sa klase. Ipapaalala ito ni Papa. Gamitin mo na ang kotse. Ha? Seryoso ka ba, hindi naman ako marunong magdrive. Gamitin mo na para hindi ka mahuli. Sakay naman ako. Natatandaan ko pa na preno lang daw 'yun at kambyo at kayang kaya

ko raw paandarin. Natatandaan ko na nailabas ko ang kotse sa garahe, at napaandar ko, at bumabaybay na ako patungo sa building ng klase ko. Naiparada ko pa nga. At nakita ko si Ma'm FQS. Hi Ma'm! Ang sabi ko pa. Ta's wala na akong maalala sa aktuwal na klase, pero natatandaan ko na bumalik ako sa paradahan, sumakay ulit sa kotse at nagdrive pauwi sa bahay.

Medyo mabagal pa nga ang takbo ng sasakyan kaya lumikha ako ng trapik. Pagdating sa bahay, hirap akong ipasok at iparada, na tila ba hindi ko na mahagip 'yung ginawa kong pagmamaneho kani-kanina lamang. Tamang tama na lumabas 'yung bunso kong kapatid na lalake. At siya 'yung nagparada ng sasakyan."

"Pero nagdradrive ka ba'ng talaga?" Tanong ng isa.

"Hindi nga. At tuwing ikinukuwento ko ito sa pamilya noon, natatawa sila. Lalo na 'yung asawa ko, kasi sasabihin niya na hindi ganoon kadali ang magdrive. Sinubok niya kasi ako. Pinaupo niya ako sa driver's seat at tinanong niya kung ano'ng alam ko sa mga gears. Wala akong alam, maliban sa preno at kambyo. Tawa siya ng tawa. Na-imagine ko lang daw ang lahat."

"At hindi ka nag-aral magmaneho kailanman?"

"Gusto ko, pero hindi na ako nagkapanahon. Kaya nga hanggang bisikleta lang ako. Anyway, bakit napakatalas ng alaalang ito – natatandaan ko na nangyari, pero walang naniniwala sa akin na nangyari nga?"

7.

Magsisimula pa lang ang morning session ng isang workshop, isa sa mga maraming workshop na nadaluhan niya magmula noong magkasunod sunod ang mga gawad sa kanyang mga sinusulat. Sa umagang iyon, panatag ang kanyang kalooban sa mga kasama niya – kahit pa iba ang unibersidad na kanyang pinagtuturuan. Habang paulit ulit na sumisirko ang lawit ng kutsara sa kailaliman ng tasa ng kape, ninanamnam niya ang sikat ng araw na tumatama sa puno ng balete, at may makapagsasabing mahiwaga ang punong iyon, at sasang-ayon ang isa na kagabi, umaalulong ang aso, at sesegundahan niya na narinig nga rin niya 'yon at medyo nahirapan siyang makaidlip, ngunit dahil ikalawang

beses na siyang maimbitahan sa workshop na iyon at nasa dormitoryo muli sila na dati nilang tinuluyan, ikinibit balikat na lamang niya ang alulong ng aso bilang bahagi ng production design. Magtatawanan sila at noon lang din niya malalaman na ang sangtuwaryong iyon ng mga paring Heswita ay minsan na ring naging retreat house ng makata-manggagawa-unyonistang si Amado V. Hernandez noong dekada 70.

May magsasabing iyon ang patunay na kahit ang mga kleriko pasista'y may damdaming makamasa, at mapagtatawanan nilang apat ang pag-uugit nila sa mga terminong nauso sa ibang panahon, parang platform shoes. Matatapos na silang kumain ng almusal ng piniritong itlog at maling at hinog na papaya nang muli niyang uulitin ang tanong na ibinato niya kanina – "Ano'ng tawag mo sa naaalala mo na hindi naaalala ng iba? Ano'ng tawag mo sa katotohanan ng pangyayaring ikaw lamang ang nakasaksi? Putok-diwa?"

Pagkaraan niyang ikuwento ang alaala, walang makakibo. Nagduda na tuloy si Jo na mas gusto siguro ng mga taong makapagpahinga sa silid. Pero biglang nagsalita 'yung isa.

8.

Katatawag lang ng bunsong anak niyang si Alicia, na base na ngayon sa Roma, at mahaba haba ang kanilang naging kuwentuhan. Tatlong dekada ang daraan sa buhay ni Alicia na tumatawid siya ng mga dagat at langit ng apat na malalaking kumpol ng lupa – ang Vietnam, para dalawin ang kanyang biyenan na sing edad na rin halos ng kanyang ina at kasingtipid, kasingsipag, ngunit mas masinop na bersiyon nito; ang Italya, para samahan ang asawang Vietnamese sa flat nito kahit man lang sa kabuuan ng taglamig; ang Amerika, para kumustahin ang mga anak na nag-aaral sa Indiana; at ang Pilipinas, para dumalaw at magmuni, sa iniwang buhay, sa iniwang hirap.

Kukutkutin si Alicia ng mga tanong – kung ano kaya kung hindi siya umalis, kung hindi sila umalis? Maaari. Magpapatuloy marahil siya sa pagtuturo ng matematika, habang ang asawa'y pauwi uwi na lang. Kung gayon nga ang kanilang pinili, magtatagal ba ang buhay ng kanyang ina? Pero ang kutkot isip na ito'y namamantal lamang kapag huli na ang lahat, at sa katiyakang iyon, kasama siya sa mga sumang-ayon na mahalagang ayusin ng isa isa ang mga naiwang material, magmula sa bawat piraso ng

retaso hanggang sa mga papeles ng ari arian.

Magagawi rin mismo si Alicia sa bahay na iyon pagkaraang malinis na ito't hinahanda nang paupahan. Mapapaupo siya sa isang bangkito sa may garahe, maaalala kung paanong magsaing ang kanyang ina sa palayok. Sa palayok na sa panahong kaya na ng rice cooker ang pagkontrol ng tutong sa pinakukulong bigas. Nagkaroon sila ng argumento na umusbong mula sa paggamit ng ina ng palayok, na napunta sa pagpili nitong mamuhay mag-isa sa bahay na 'yon, na kahit sabihing bagong bago ang bahay ay punong puno na ng kalat. "Pero kahit ang Roma'y hindi natapos sa iisang araw, di ba?" "Oo nga pero ang kalat kalat pa rin ng bahay," at sa pagkakabigkas niya ng salitang kalat, natulala ang kanyang ina sa ginagawa at hindi na umimik ng marami-raming mga pintig, mga pintig na aabot marahil sa milyon milyon, dahil malapit nang matapos ang hapon nang kumibo ulit ang kanyang ina, para tanungin kung nagustuhan ba ng kanyang anak, ang panganay, ang ipinapadala niyang kumot para sa magiging anak nito. At naibulalas ni Alicia na nakunan ang kanyang panganay, nakunan dahil araw araw na lang itong inaaway ng napangasawa nitong bipolar na taga-Arkansas, na ewan ba niya kung anong pinakain sa kanyang anak, mabait naman 'yung lalaki sa umpisa, pero parang kagaya niya ang isang mumurahing appliance na lumalabas ang mga sira habang tumatagal.

Noon lamang maiisip ni Alicia, sa hapong iyon na nakaupo siya sa bangkito, isang linggo makaraang mailibing ang ina, na kung sakali mang maabutan siya sa Roma, titiyakin niyang ibibilin na sa Pilipinas ipakakalat ang kanyang abo, kasama sa mga elementong pagsasaluhan na rin ng bangkay niya't bangkay ng kanilang ina. Matatagpuan siya ng kanyang ate Emilia na humahagulgol sa bangkitong iyon, at uupo ito sa kanyang tabi, at matagal silang mauupo doon, kasingtagal ng pangungumusta't pakikipagkuwentuhan ni Antonio, manugang ni Emilia, sa kapitbahay, para lang mapira-piraso ang address ng ilan sa mga nagkautang sa matanda. Matatagpuan sila ni Antonio na nakaupo doon sa bangkitong iyon at magbibiro ito na parang ang palayok ang kanilang tinatangisang puntod. Matatawa silang magkapatid at maiisip ni Emilia na paminsan minsan ay natutuwa siya sa pagpapatawa ng napangasawa ng kanyang panganay, na kahit hindi lasing ay parang lasing, pero ngayon ay natuwa siya dito dahil naputol ang pagsesentimyento. Maiisip isip naman ni Alicia kung bakit laging hindi niya nahihimigan, o kung bakit palaging hindi nahihiwatigan, kung kailan mamaalam na ang mga minamahal, at matatapos ang mga kumbersasyon.

9.

Posibleng naririnig niya ang marahang dausdos ng tubig na umaapaw mula sa hose, ngunit tila nauupos na siya sa hapo, lintek na mga masel at butong laging inaantok. Posible ring kanina pa, hindi, kinagabihan pa, nang makakain na siya ng oatmeal at saging, naramdaman na niya ang papintig pintig na pang-iipit ng ugat sa kanyang batok, pintig na pagkaraan ng 20 oras ay magiging isang malaking kamao na pumipiga piga sa kanyang puso, na nagpapapitlag nito pakawala sa sentro ng kanyang katawan. Bumuburagok na ang kanyang paghinga, at inutil na ang meditasyon upang humupa ang kirot. Gumagapang na siya, sumisinghap sumisinghot, kakapain ang kordon ng telepono, pipiliting makapindot pindot ng mga numero, ngunit mawawala ang alaala ng kombinasyon sa ulirat – 4…3…0?...4…3…pintig…pintig…pintig. Sa pagitan ng mga binatak na pintig maaabutan siya ng kanyang apo na nakabulagta sa sahig.

"Nay!" Iaangat siya ni Jo, bubuhatin, iuupo sa silyang tinabig muna ang mga nakapatong. Kukubabaw sa kanyang mukha ang isa pang mukha, at tila nananalamin siya sa mukha rin niya noong siya'y kabataan. Mahahalinhan ang mukhang iyon ng isa pa, bumubuga ng usok, at daliring kakalawit sa sigarilyong nakasukbit sa bibig, sabay pitik ng nakasinding upos sa labas.

"Itakbo na natin siya."

Magtitinginan silang maglola. Tinginang maaring inabot ng minuto, taon, dekada, isang buong buhay. "Oo nga Ma, gusto na naming itakbo." Pintig… pasasalamat…pisil... sa... palad… ang... mga... talong... na... naipunla… ang... tubig... sa... hose… ang... pinto... sa... ref.

"Kunin mo nga ang bag niya sa kuwarto, tara na. O sige Ma, dadalhin na naming siya sa ospital."

Ikukumpas niya ang kamay, ituturo ang ref. "Ti..la..pia…"

Mabibigo siya sa pagsamo. Hangin lang ang nakakalawit ng kanyang mga kamay, na akala lang niyang naikukumpas, pagkat sa totoo'y ni hindi niya maigalaw ni isang daliri. Tila kay hina ng kanilang pandinig, kay bagal nilang makabasa ng reaksiyon, kay rupok ng kanilang tiyaga,

at wala na silang mauunawaan sa mga salitang mamumutawi sa kanyang bibig, na hindi na kailanman makapagsasalita, sa hinaharap.

Masugid na nilang babantayan ang kanyang katawan, ililista't imomonitor ang pag-agnas, masugid na nilang sasabayan ang ticktock ng orasan, habang lumalabas masok ang mga pagsasanga ng kanyang dugo sa pintuan, kumakatok sila para mangumusta't magbantay ngunit hindi sila makatatagal sa pagtitig sa kanyang mga matang nakatitig na rin lang sa kanila, at marahil, kakatok rin sa kanilang diwa ang katanungang – nandiyan pa kaya siya, sa loob ng katawang iyon, na ipinako na sa krus ng mga tubo't pumipintig na lang dala ng mga makina?

10.

Alam mo, baliktad naman kasi 'yung nangyari sa nanay ko. Lahat, nakakaalala na nangyari 'yun. Magmula sa tiyahin ko, hanggang sa mga lolo ko't lola, pati nga 'yung mga kapitbahay at mga tauhan sa munisipyo. Pero siya, hindi.

Ano 'yon, parang blocked out 'yung memory?

Parang e. Basta, ang sinasabi ng lahat, linigawan ng tikbalang ang nanay ko.

Ha?

Tikbalang. Tik...ba...lang. O, okay pa ba kayo?

Ok pa.

Nangyari daw 'yun sa may poso. Nag-iigib sila ng tubig ng aking tiyahin. Ta's may biglang lumitaw. 'Yung tikbalang.

Ano'ng itsura ng tikbalang?

'Yun pa. Walang deskripsyon. Basta sabi, tikbalang. Natulala raw nanay ko. Dinala nila sa munisipyo, rineport. Ta's nang mahimasmasan ang nanay ko, matapos siyang lagnatin ng isang lingo, wala siyang maalala.

Nagtinginan ang mga magkakaibigan. Sa utak ni Jo, ayaw niyang bigkasin ang mga salita. At tila nakuha iyon ng kanyang mga kausap. Pati ng nagkukuwento mismo.

Oo, naisip ko na kung rape ba 'yon.

At natawa silang magkakaibigan.

Sa hinaharap, may mga kaibigan rin si Jo na mapagtatanungan kung ano'ng itsura ng tikbalang dahil ibig niyang isingit ang kuwentuhang iyon sa kuwento. Nang malaman ng isang kaibigan iyon, humalakhak ito nang humalakhak. Bakit? Tanong niya.

"Kasi mukha ngang anak ng tikbalang ang nagkuwento."

Sa kauna-unahang pagkakataon, hindi siya natuwa sa sense of humor ng kaibigan.

Pero ilang sandali lang sisigid ang realisasyon, at pagkaraan, balik ulit sa dati.

Para pala maging ganap na alaala ang isang alaala, krusyal na pinaniniwalaan ang umaalala ng iba. Krusyal rin na ang nakakaalala'y tatanggapin ito bilang alaala.

11.

Itatanong ni Jo sa ina niyang si Emilia kung nasaan ang manika. "Ma, alam mo, hinahanap ko dito 'yung laruang 'yon. Natatandaan mo pa ba yun?"

Magiging abala si Emilia sa pagpupunas ng mga salaming malalaki na nakakuwardo bago ito dahan-dahang ipapasok sa mga kahon ng kahapon.

"Bigay 'ata 'yun ng isa ninyong kaopisina. Di ba may kaibigan kayong nagpasalubong sa akin ng manika galing Hong Kong?"

"Si Terry?" Matitigilan si Emilia, darapo sa diwa ang mukhang may matabang pisngi, nunal sa leeg at dibdib, palad na singlambot ng bagong biling unan, mga daliring patpatin at hindi bumabagay sa pangangatawang hitik sa taba. "Wala namang binibigay sa'yo 'yun, baka tsokolate pa."

"Ma, may binigay siya sa akin. Tinago pa kaya ni Nanay 'yun?"

Tutungo si Jo sa kuwartong tinutulugan ng abuela, para hanapin sa aparador ang unang regalo ng kanyang kabataan, ang unang ibinigay sa kanyang bagay na lumikha ng tanikala sa kanyang abuela. Maputi,

mataba, at nakapigtail ang manikang may itim na itim na buhok. Suot ang isang cheongsam na kakulay ng alak sa kopita, nakapantalong berde na kawangis ng mga bangang jade. Makintab ang tela pagkat yari sa sutla. May kakatwang amoy ang manika kapag sininghot ang batok, at para sa batang alaala ni Jo, ikinakawing niya ang amoy na iyon sa mga sabong sandalwood at tubo ng termos. May ngiti ang manikang iyon na parang totoong ngiti ng isang tao, at natatandaan ni Jo, hanggang sa siya'y magkagulang na, na iyon lamang ang laruang talagang natunugan ang kanyang sarili, na nakalaan para lang sa kanya, sa dinami dami marahil ng mga kamukha niyon sa isa pang aparador sa libo-libong mga tindahan at pabrika, ang manikang hindi nararapat para sa antigong aparador, kundi nararapat sa yakap ng batang katulad niya.

Samantala, diriin ang pagpunas ni Emilia sa mga salamin, daraan si Meriteria na may bitbit na isang kahong punong puno ng mga sapatos na iba't iba ang laki. "Saan mo dadalhin 'yan?"

"Sa van po."

"Wala tayong iuuwi. Lahat ng gamit ni Nanay dito ay titipunin lang at lalagyan ng marka kung ano."

Dadamputin ni Emilia ang isang sapatos, sisigid ang tanda ng isang maghapong inikot niya ang Escolta, isa pang pares na nakakawing, hayun ang iisang mocassin ng bata. Magkakatinginan sila ni Meriteria. "May gusto ka ba sa mga sapatos na 'yan?"

"Ay huwag na po...baka..."

"Kumuha ka na lang ng gusto mo. Mainam na 'yung may makinabang diyan."

Mangingiti si Meriteria, magpapasalamat sa lahat ng napuhunang pagtitimpi sa kasungitan at kakuriputan ng matandang pumanaw.

Sa salamin, tila namamataan ni Emilia ang umiiling iling na mukha ng kanyang ina, ngunit nawala rin iyon pagkaraan ng isang pikit. Lalabas ng kuwarto si Jo, malungkot. "Hindi ko makita sa kanyang aparador."

"Anak, wala akong matandaang manikang ibinigay sa 'yo."

"Ma, kakaunti na nga lang ang mga laruan ko. Siguro naman, matatandaan ko 'yun."

Mapapapikit na naman si Emilia, maalala ang tutong ng uhog sa anak niyang ito na matatagpuan niyang nakahilata sa sahig, nakatulog sa kanyang paghihintay. Maiinis sa sarili kung bakit nagpasama pa siya sa anak niyang panganay, baka mas mainam pa kung ang sinama niya'y ang bunso niyang si Teret, na marunong makiayon sa kanyang mga katahimikan.

"Hindi naman ako pumayag na itago niya iyon. Nakakatawa, alam niyo ba na patago ko pang binubuksan ang aparador ni Nanay para lang malaro ko 'yung manika?" Matatawa si Jo, maalala ang isang hapong nahuli siya ng lola niyang hawak niya iyon na tila galing iyon sa kanyang sarili, sinisinghot singhot ang batok niyon at kinakausap, ligaw sa mundo ng mga baka-sakaling totoong kumbersasyon. Mapapatigil ang usapan nila ng manika, mabibitiwan niya ito at magugulat siya sa narinig niyang iyak nito nang madausdos ang puwit nito sa sahig. Agad itong pinulot ng abuela at walang sabi-sabi'y tinalikuran ang apo, na sumunod sa kanya, pinanood ang pagsusi ng aparador, at ang matatandaan ni Jo, isa iyon sa pinakamalungkot na araw ng kanyang kabataan.

Sa hinaharap, lumulutang na ang kaluluwa ni Emilia'y nakatanaw ito sa kanyang anak na si Jo na umiiyak na namang mag-isa sa loob ng aparador, magsisisi siya. Magsisisi siya na hindi na niya naikuwento sa kanyang panganay na noong bata ka pa, Jo, may isang lalaking kinupkop namin sa kagustuhan ng tatay mong tumulong sa mahirap. Nakita niya ang lalaking iyon na namumulot ng mga bote sa basurahan natin at kumakain ng inaamag nang pan. Maaawa ang tatay mo. Papapasukin siya, pakakainin, bibigyan ng pinaglumaang damit para makapagbihis. Isang araw, makikita kong hinalikan ka ng lalaking iyon. Natutulog ka. Mabuti na lang nandu'n ang tatay mo, tatagain na sana niya ang lalaking iyon ngunit nanaig ang kalma, nanaig ang edukasyon, nanaig ang unang bulusok ng pagkakilala sa mga pinggang mumo lang ang laman, at ito'y kanyang palalayasin nang may pabaon na mura. Kalbo ang lalaki, marungis, ni hindi ko na matandaan ang mukha, ni ayaw kong palusungin ang paa ng alaalang ito sa ilog ng aking diwa, ni hindi ko ito mabigkas.

Lalaki si Jo na may namuong galit sa ama niyang hindi niya

maunawaan kung bakit bigla na lang lumayo sa kanya na parang nakasinghap ng amoy na umaalingasaw. Puputulin nito ang lahat ng mga lambing na dati-rati'y ibinibigay sa kanya – ang mga mumunting pasalubong ng mani, mansanas, tsokolate. Darami silang magkakapatid at tila babaling ang lambing sa iba pa niyang mga kapilas ng dugo.

Sa hinaharap, may makikilala si Jo na isang lalaki, si Antonio, na kakatwang kanyang magugustuhan na waring lihi, at magkakaanak siya ng isang batang lalaki makakapagpaalala ng manika sa totoong ngiti nito. Ngunit dahil tila malayo na ang binatak ng panahon magmula nang nahuli siya ng abuela niyang linalaro ang manikang dapat na nasa aparador at nang mahuli ang kanyang ova ng sperma na nakabuo ng bata, hindi niya mapag-iisa ang kaugnayan ng mga pangyayaring ito, at matatabunan ito sa tila paulit ulit na dating ng araw na pumapasok siya sa opisina nang puyat, nagtatangkang makasulat ngunit laging nauudlot ng mga tungkulin bilang ina, at umuuwi siya sa hapon na pagod at mainit ang ulo ngunit hindi niya mapaliwanag ang dahilan sapagkat nalulunod siya sa pagnanamnam ng mga yata, sana at balak.

Aamuyin ni Jo sa bawat araw ang batok ng anak, nanamnamin ang amoy pandesal nitong leeg, na mapapalitan ng asim ng araw sa paglaki. Matinis ang halakhak ng batang lalaki na pinangalanan niyang Hero, at sa tuwing maririnig niya ang halakhak, may umaalingawngaw na alaalang mga tila totoong kumbersasyon niya sa manikang may pigtail, kung paano niya iyon inaawitan, kinukuwentuhan ng mga nangyayari sa araw araw, sa diwa ng isang batang nagtataka kung bakit naimbento ang mga aparador, susi at katahimikan. Ibubuhos niya ang naipon niyang konsepto ng giliw sa gigiliwin niyang anak, na sa bawat araw ng paglaki ay natutunan na ring maghanap ng iba't ibang klase ng laruan, na hindi niya kailanman maiisipang ipagkait.

Hahayaan niyang isabog nito ang mga sundalong plastik sa ibabaw ng kama, gagawa ng mga munting bulubundukin sa mga unan at lilikha ng mga tunog ng mga kunwa-kunwaring digma. Pababayaan niyang magkabit kabit ito ng mga tulay, gusali, sementeryo, paliparan, at balwarte sa mga pira-pirasong lego. Maaaliw sa mga lilikhaing siyudad. Nang dumating ang araw na pagsasawaan ng anak ang mga sundalo't mga siyudad, matiyaga niyang ikakahon ang bawat piraso ng mga laruan. Ilalagak sa isang bakanteng silid na tutulugan ng mga katulong na isa-isang aalis bunga nga kanya-kanyang pag-aapuhap sa ginhawa ng sarili, ng pamilya,

o ng pinagmulan. Mapapansin niyang nababawasan ang mga laman ng kahon, na kakatwang hindi ikinababahala ng anak niyang mararahuyo sa mga interaktibong laro ng mga imperyo't pananakop ng mga territoryo sa kompyuter. Mapipikon kapag walang makauunawa, sa panig ng anak, o sa panig ng asawa, kung bakit minamahalaga niya ang bawat piraso ng lego, bawat piraso ng eroplano, tangke, bakod, bandila, sandbag, trak, at tangke, kung bakit hinahanap hanap niya ang mga bulubundukin at lawa ng mga unan at kumot, kung bakit tinatanaw tanaw ang mga naglahong mga siyudad na hinalinhan na ng ibang mga kalat.